Australian Government

BE COVIDSAFE

COVID-19: Kilalanin ang mga sintomas

20 Hunyo 2022

Mga Sintomas		COVID-19 Ang mga sintomas ay nasa banda ng katamtaman hanggang matindi	Sipon Banayad na pagsisimula ng mga sintomas	Trangkaso Biglaang pagsisimula ng mga sintomas	Mga Alerhiya* Maaaring biglaan o banayad na pagsisimula ng mga sintomas
Lagnat		Minsan	Bihira	Karaniwan	Hindi
Ubo		Karaniwan	Karaniwan	Karaniwan	Karaniwan (hika)
Mahapding Lalamunan		Karaniwan	Karaniwan	Minsan	Minsan (Makating lalamunan at ngalangala)
Kahirapan sa Paghinga		Minsan	Hindi	Hindi	Karaniwan (hika)
Pagkapagod		Karaniwan	Minsan	Karaniwan	Minsan
Mga Pananakit		Minsan	Hindi	Karaniwan	Hindi
Sakit ng Ulo		Karaniwan	Karaniwan	Karaniwan	Minsan
Tumutulo o Baradong Ilong		Karaniwan	Karaniwan	Minsan	Karaniwan
Pagtatae		Bihira	Hindi	Minsan, lalo na sa mga bata	Hindi
Pagbahin		Karaniwan	Karaniwan	Hindi	Karaniwan

Inangkop mula sa materyales na ginawa ng WHO, Centers for Disease Control and Prevention at ng American Academy of Allergy, Asthma and Immunology.

**Ang mga alerhiya sa panghinga ay kabilang ang allergic rhinitis (hay fever), at alerhiyang hika (allergic asthma). Iba pang mga karaniwang sintomas ng hay fever ay kabilang ang makating ilong at makati, maluha-luhang mga mata.*

Napakahirap na kilalanin ang pagkakaiba ng mga sintomas ng COVID-19, trangkaso at sipon. Kung mayroon kang anumang mga sintomas na nakakahawa o sa panghinga (tulad ng mahapding lalamunan, sakit ng ulo, lagnat, kahirapan sa paghinga, masakit na kasu-kasuan, ubo o tumutulong sipon) manatili sa bahay upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng sakit. Maaari mong bisitahin ang pagsusuri ng sintomas ng HealthDirect www.healthdirect.gov.au/symptom-checker/tool para sa payo. Tandaan, kung nagpositibo ka ng COVID-19 kailangang magbukod kaagad agad.

Ang mga taong may mga sintomas ng alerhiya sa panghinga katulad ng allergic rhinitis (hay fever) at allergic asthma ay dapat na manatili sa bahay at magpasuri ng COVID-19 sa pagsisimula ng kanilang mga sintomas kung nakakaranas sila ng mga sintomas na biglaan, tila iba o mas malala kaysa sa karaniwan, o hindi tumutugon sa kanilang karaniwang gamot.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **www.health.gov.au/covid19-translated** o tumawag sa **1800 020 080**. Piliin ang opsyon **8** para sa libreng mga serbisyo ng pag-iinterprete.